

Mula sa Pagiging Makasalanan
tungo sa Napatawad

WARM-UP

- Mahilig ka ba sa mga kuwento ng kababalaghan? Bakit? Bakit hindi?
- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan may taong humingi sa iyo ng tawad. Paano siya humingi ng tawad? Ano ang naging tugon mo?
- Paano mo malalaman na napatawad mo na ang isang tao? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

WORD

⁷⁻⁸Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Binigyan niya tayo ng karunungan at pang-unawa ⁹para maunawaan ang kanyang lihim na plano na nais niyang matupad sa pamamagitan ni Cristo ¹⁰pagdating ng itinakdang panahon. At ang plano niya'y pag-isahin ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, at ipasailalim sa kapangyarihan ni Cristo.

MGA TAGA-EFESO 1:7-10

Ang planong kaligtasan ng Diyos para sa atin ay hindi lamang ang pagpunta natin sa langit. Kasama dito ang maranasan natin ang Kanyang pagtubos at kapatawaran dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig, awa, at kabutihan. Ang ebanghelyong ito ay ayon sa Kanyang plano, kung saan inako ng Anak ng Diyos, si Jesus, ang ating mga kasalanan at kahihyan upang tayo ay mapatawad, matubos, at maka-alam ng Kanyang kagustuhan.

1**Tinubos tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang dugo.**

Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. MGA TAGA-EFESO 1:7

Ang matubos ay ang mapalaya sa pagkakabihag at pagiging alipin sa pamamagitan ng pagbayad. Tayo ay inalipin ng kasalanan, subalit kay Cristo tayo ay natubos. Binayaran Niya ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo upang tayo ay mapalaya sa pagkakaalipin. Ang Kanyang kamatayan ay lubos at ganap na sakripisyo, kung kaya't hindi na natin matatanggap ang kaparusahang nararapat para sa atin. Ayon sa Mga Taga-Roma 3:23,24, para kanino ang pagtubos ni Cristo?

2**Tayo ay pinatawad ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kabutihan.**

⁷⁻⁸Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Binigyan niya tayo ng karunungan at pang-unawa . . . MGA TAGA-EFESO 1:7,8

Kay Cristo, ang lahat ng ating kasalanan ay napatawad na. Hindi lamang Niya tayo iniligtas mula sa kaparusahan, kundi kusa Niyang ibinigay ang Kanyang biyaya—ang lahat ng hindi natin karapat-dapat na matanggap. Ang Diyos ay mayaman sa biyaya, at ibinubuhos Niya ito sa atin araw-araw. Ito ay kaloob mula sa Diyos, na hindi natin kailanman mapagsusumikapan. Paano nagbago ang buhay mo matapos mong maintindihan at paniwalaan na pinatawad na ng Diyos ang lahat ng iyong kasalanan?

3 Ipinaalam ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin.

*9. . . para maunawaan ang kanyang lihim na plano na nais niyang matupad sa pamamagitan ni Cristo ¹⁰pagdating ng itinakdang panahon. At ang plano niya'y pag-isahin ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, at ipasailalim sa kapangyarihan ni Cristo. **MGA TAGA-EFESO 1:9,10***

Bukod sa pagtubos at kapatawaran kay Cristo, ipinaalam din ng Diyos sa atin ang misteryo ng Kanyang kalooban—ang ebanghelyo. Ang plano ng Diyos ay naihayag na sa atin: nais Niyang mapagkasundo ang buong mundo sa Kanya at inaanyayahan Niya tayo na maging bahagi nito. Kaninong mga plano at layunin ang nasusunod sa buhay mo? Ano ang Kanyang plano?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang ginawa ni Jesus sa krus ang dahilan ng iyong kaligtasan at kapatawaran ng kasalanan? Paano ka lalago sa iyong pagkaunawa sa ebanghelyo ngayong linggo?
- Paano ka lalago sa pagpapahalaga mo sa yaman ng biyaya ng Diyos araw-araw? Pagnilay-nilayan at pag-isipan ang Mga Taga-Efeso 2:8,9 ngayong linggo.
- Ngayon na ipinaalam ng Diyos ang Kanyang kagustuhan sa iyo, kanino mo maipapangaral ang ebanghelyo ngayong linggo? Sino ang maaari mong matulungan upang makakilala at sumunod sa Diyos?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa ganap na sakripisyo ni Cristo sa krus para sa atin. Pasalamatan Siya para sa iyong kaligtasan at sa kapatawaran ng iyong mga kasalanan. Pasalamatan Siya sa paghahayag sa iyo ng Kanyang kagustuhan.
- Hingin sa Diyos ang mas malawak na paghahayag at pagpapahalaga sa Kanyang biyaya. Ipanalangin na lumago ka sa pagka-unawa mo dito ngayong linggo.
- Ipanalangin na ang iyong mga kapamilya at kaibigan ay makalam, makaintindi, at maniwala sa ebanghelyo. Ipanalangin na ang patotoo mo ay maging daan upang maibalik sila kay Cristo.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph